# BANGHAY ARALIN FILIPINO
# GRADO 9

**IKAAPAT NA MARKAHAN**
**ARALIN 4.1**

| | |
|---|---|
| **Panitikan** | **:Noli Me Tangere** |
| **Paksa** | **:Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere** |
| **Wika** | **:Mga Angkop na Salita/Ekspresyon sa Paglalarawan; Paglalahad ng Sariling Pananaw; Pag-iisa-isa; Pagpapatunay** |
| **Bilang ng Araw** | **:5 Sesyon** |

**MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA BAWAT DOMAIN**

**PAG-UNAWA SA NAPAKINGGAN (PN) (F9PN-IVa-b-56)**
- Batay sa napakinggan, natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng: pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat nito; pag-iisa-isa sa mga kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ito; pagpapatunay sa pag-iral pa ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang panahon sa lipunang Pilipino.

**PAG-UNAWA SA BINASA (PB) (F9PB-IVa-b-56)**
- Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang akda at ang mga epekto nito matapos maisulat hanggang sa kasalukuyan.

**PAGLINANG NG TALASALITAAN (PT) (F9PT-IVa-b-56)**
- Natutukoy ang mga kontekstwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan.

**PANONOOD (PD) (F9PD-IVa-b-55)**
- Napapatunayang ang akda ay may pagkakatulad/pagkakaiba sa ilang napanood na telenobela.

**PAGSASALITA (PS) (F9PS-IVa-b-58)**
- Nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bias ng akda sa sarili at sa nakararami.

**PAGSULAT (PU) (F9PU-IVa-b-58)**
- Naitatala ang nalikom na datos sa pananaliksik.

**WIKA AT GRAMATIKA (WG) (F9WG-IVa-b-57)**
- Nagagamit ang mga angkop na salita/ekspresyon sa: paglalarawan; paglalahad ng sariling pananaw; pag-iisa-isa; pagpapatunay.

# T U K L A S I N

**I. LAYUNIN**

**PAG-UNAWA SA NAPAKINGGAN (PN) (F9PN-IVa-b-56)**

- Batay sa napakinggan, natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:
    - pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat nito;
    - pag-iisa-isa sa mga kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ito;
    - pagpapatunay sa pag-iral pa ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang panahon sa lipunang Pilipino.

**II. PAKSA**

**Panitikan** :**Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere**
**Kagamitan** :**Sipi ng iparirinig na teksto, MP3 Player, Larawan**
**Sanggunian** :**Noli Me Tangere ni Guzman-Laksamana-Guzman**
**Bilang ng Araw** :**1 Sesyon**

**III. PROSESO NG PAGKATUTO**


**Gawaing Rutinari**

- Pagtatala ng Liban
- Pagtse-tsek ng Takdang Aralin
- Balik-Aral


***A K T I B I T I***


**1. Motibasyon**
**Mungkahing Estratehiya: BOLANG KRISTAL - HULA MO…HULA KO**
May ipakikitang larawan ng saranggolang lumilipad ang guro. Pagkatapos, piliin sa bolang Kristal ang tamang sagot at isulat ito sa patlang.

- Matayog ang lipad ng saranggola ni Pepe, matayog ang pangarap ni _______________.




- Isinulat niya ang ____________ upang ang "Kalayaan" ay makamit.





**Gabay na Tanong:**

- Paano naging matayog ang pangarap ni Rizal para sa mga kapwa Filipino?
- Bakit kailangang sumulat siya ng akda tungkol sa kalayaan?

**2. Pokus na Tanong**

a. Bakit kailangang pag-aralan ang nobelang Noli Me Tangere?

b. Paano nakaimpluwensiya ang Noli Me Tangere sa pagka-makabayan ng mga Filipino?

**3. Presentasyon ng Aralin**

**Mungkahing Estratehiya**: **PAGTATALA NG MAHAHALAGANG DETALYE**

- May mga larawan/video clips ng nobelang Noli Me Tangere na inihanda ang guro.
- Makikinig ang mga mag-aaral tungkol sa Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere.
- Itatala ng mga mag-aaral ang mahahalagang detalye batay sa napakinggan.

***<u>A N A L I S I S</u>***

- Batay sa mga naitalang impormasyon mula sa napakinggang "Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere".

1. Ano ang mahalagang layunin na binanggit kaya isinulat ni Dr. Rizal ang Noli Me Tangere?

2. Isa-isahin ang kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ang Noli Me Tangere.

3. Bakit may pinagdaanang sakripisyo si Rizal habang isinusulat ang nobela? Ano-ano ang mga sakripisyong ito?

4. Nakaimpluwensiya ba ang Noli Me Tangere sa mga Filipino sa panahon ng pananakop ng mga Kastila? Patunayan.

**4. Pagbibigay ng Input ng Guro**

**Alam mo ba na…**

Iniaalay ni Dr. Jose Rizal ang Noli Me Tangere sa Inang-Bayan. Habang nasa ibang bansa ay ginugunita niya ang Pilipinas at ang nakikita niya ay larawan ng isang may sakit na kanser na panlipunan dahil minimithi ni Dr. Rizal ang kabutihan para sa bayan, pagsisikapan niyang mailarawan ang kalagayan ng bansa sa paraang tapatan at walang pangingimi, iwawaksi ang lahat alang-alang sa katotohanan maging ang pag-ibig sa sarili, sapagkat bilang anak ng Inang-Bayan ay nagtataglay rin siya ng mga kapintasan at kahinaan.

Sanggunian: Noli Me Tangere ni Dr. Jose Rizal: Guzman-Laksamana-Guzman

***<u>A B S T R A K S Y O N</u>***

**Mungkahing Estratehiya: IKONEK: HISTORI-AKDA**
Paano masasabing may mahalagang kaugnayan ang Kaligirang Pangkasaysayan ng akda sa uri ng lipunan noon at sa uri ng lipunan ngayon?

***<u>A P L I K A S Y O N</u>***

**Mungkahing Estratehiya: DAMAHIN MO!**
Buuin ang pahayag.

- Ako ay isang Filipino sa puso at diwa, isang kabataang naniniwala sa paninindigan ni Dr. Rizal at may pagpapahalaga sa katarungan upang maipagpatuloy ang kaniyang adhikain. Ako ay ________________________.

**IV. KASUNDUAN**

- Basahin ang buod ng Noli Me Tangere.
- Alamin ang telenobelang makukumpara sa akdang Noli Me Tangere.

# ***L I N A N G I N***

## I. LAYUNIN

**PAG-UNAWA SA BINASA (PB) F9PB-IVa-b-56**

- Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang akda at ang mga epekto nito matapos maisulat hanggang sa kasalukuyan.

**PAGLINANG NG TALASALITAAN (PT) F9PT-IVa-b-56**

- Natutukoy ang kontekstwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan.

**PAGSASALITA (PS) F9PS-IVa-b-58**

- Nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bias ng akda sa sarili at sa nakararami.

## II. PAKSA

| | |
|---|---|
| **Panitikan** | **:Kaligirang Pangkasaysayan ng Noli Me Tangere** |
| **Kagamitan** | **:*Video clips,* teksto, pantulong na biswal** |
| **Sanggunian** | **:Noli Me Tangere ni Dr. Jose Rizal: Guzman-Laksamana-Guzman** |
| **Bilang ng Araw** | **:2 Sesyon** |

## III. PROSESO NG PAGKATUTO

**Gawaing Rutinari**

- Pagtatala ng Liban
- Pagtse-tsek ng Takdang Aralin
- Balik- Aral

***A K T I B I T I***

**1. Motibasyon**
**Mungkahing Estratehiya: KONTEKSTWAL KLU**
**TUKUYIN MO…KAHULUGAN KO**

Tutukuyin ng mga mag-aaral ang kahulugan ng salitang ***nakahilis*** sa loob ng pangungusap at ipaliliwanag ang kahulugan ng pagkagamit nito sa pangungusap.

1. Si Maria Clara na imahe ng isang kahali-halinang binibini na sa kagandahan at mga katangian ay ginawang ***sagisag*** ng Pilipinas ni Dr. Jose Rizal sa kaniyang nobelang Noli Me Tangere.

2. ***Ineskomulgado*** si Ibarra ng Arsobispo sa simbahang Katoliko Romano. Dahil sa pagkatiwalag, inutusan ni Padre Damaso si Kapitan Tiyago na sirain ang kasunduang pagpapakasal ni Ibarra kay Maria

Clara.

3. Sugatan at halos naghihingalo, naisip ni Elias ang mga ***kahingian*** para sa Inang-Bayan, bago mamatay humarap siya sa Silangan at waring dumadalangin.

**2. Presentasyon ng Aralin**

- **Pagpapabasa sa buod ng Noli Me Tangere.**
- **Pagsusuri ng mga mag-aaral.**

**3. Pangkatang Gawain**

**Pangkat 1**
**ROLE PLAY ~ PORTRAY**
Gumanap bilang Ibarra upang maipakita ang ang mga Suliraning panlipunang naranasan niya.

**Pangkat 2**
**HUSTISYA ~ TIMBANGIN MO**
Paglalahad ng sariling pananaw at kongklusyon sa nararanasan ng mga Filipino tungkol sa pamamalakad ng pamahalaang Kastila.

**Pangkat 3**
**KONEK ~ SA PUSO KO ~ SA PUSO NG LAHAT**
Paglalahad ng nagging bias ng Noli Me Tangere sa sarili at sa nakararami.

**Pangkat 4**
**DAYALOGO**
Pagsasagawa ng usapan sa pagitan ni Ibarra at Elias habang tinutugis sila ng mga guwardiya sibil.

**RUBRIKS NG PANGKATANG GAWAIN**

| BATAYAN | Napakahusay | Mahusay | Di-gaanong Mahusay | Nangangailangan ng Pagpapabuti |
|---|---|---|---|---|

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ***Nilalaman at Organisasyon ng mga Kaisipan o Mensahe (4)*** | Lubos na naipahatid ang nilalaman o kaisipan na nais iparating sa manonood (4) | Naipahatid ang nilalaman o kaisipan na nais iparating sa manonood (3) | Di-gaanong naiparating ang nilalaman o kaisipan na nais iparating sa manonood (2) | Di naiparating ang nilalaman o kaisipan na nais iparating sa manonood (1) |
| ***Istilo/ Pagkamalikhain (3)*** | Lubos na kinakitaan ng kasiningan ang pamamaraang ginamit ng pangkat sa presentasyon (3) | Kinakitaan ng kasiningan ang pamamaraang ginamit ng pangkat sa presentasyon (2) | Di-gaanong kinakitaan ng kasiningan ang pamamaraang ginamit ng pangkat sa presentasyon (1) | Di kinakitaan ng kasiningan ang pamamaraang ginamit ng pangkat sa presentasyon (0) |
| ***Kaisahan ng Pangkat o Kooperasyon (3)*** | Lubos na nagpamalas ng pagkakaisa ang bawat miyembro sa kanilang gawain (3) | Nagpamalas ng pagkakaisa ang bawat miyembro sa kanilang gawain (2) | Di-gaanong nagpamalas ng pagkakaisa ang bawat miyembro sa kanilang gawain (1) | Di nagpamalas ng pagkakaisa ang bawat miyembro sa kanilang gawain (0) |

**4. Pagtatanghal ng pangkatang gawain**

**5. Pagbibigay ng fidbak ng guro sa itinanghal na pangkatang gawain**

**6. Pagbibigay ng iskor at pagkilala sa natatanging pangkat na nagpakita ng kahusayan sa ginawang pangkatan batay sa rubriks na ibinigay ng guro.**

***<u>A N A L I S I S</u>***

1. Bakit makapangyarihan ang mga pari katulad ni Padre Damaso sa nobelang Noli Me Tangere?

2. Paano nagiging mabigat ang parusa para sa mga Filipinong lumalabag sa gawaing pansimbahan?

3. Alin sa mga aspetong may kinalaman sa pag-unlad ng pagkatao ng mga Filipino ang nais itaguyod ni Ibarra?

4. Paano mailalarawan ang pagmamahalang namamagitan kina Ibarra at Maria Clara?

5. Bakit tumanggi si Ibarra na pamunuan ang rebolusyon ng mga pinag-uusig laban sa pamahalaang Kastila?

6. Ano-ano ang mga dahilan sa lihim na pagkatao ng tunay na ama ni

Maria Clara?

7. Bakit isang pagtatanggol sa dangal ng kaniyang ina ang gagawing pagpapakasal ni Maria Clara kay Linares?

8. Paano mapatutunayan na mataimtim pa rin na dumalangin si Elias para sa Inang Bayan?

**7. Pagbibigay ng Input ng Guro**

**Alam mo ba na…**

**Kanser na Panlipunan –** Ang kanser na tinutukoy ni Dr. Rizal ay binigyan niya ng katuturan sa Kabanata LXI sa ganitong mga salita: "Ngayon ay nakikita ko ang kalagim-lagim na kanser na sumisira sa ating lipunan, kumakapit sa ating mga laman at humihingi ng isang biglaang pansugpo." Sa lalong maliwanag na pangungusap, ang kanser na ito ay kinakatawan ng mga kabuktutan, kapaslangan, at katiwalaan.


Sanggunian: Noli Me Tangere ni Dr. Jose Rizal: Guzman-Laksamana-Guzman

***<u>A B S T R A K S Y O N</u>***

**Mungkahing Estratehiya: MIRROR, MIRROR ON THE WALL…**

Repleksyon Noon…Repleksyon Ngayon


- Paano naging mabisa ang Noli Me Tangere sa paglalarawan ng lipunan noon at ang epekto nito sa uri ng lipunan mayroon tayo ngayon. Isulat sa loob ng tig-isang salamin ang lipunan noon at lipunan ngayon.




***<u>A P L I K A S Y O N</u>***

**Mungkahing Estratehiya: BANDILA NG BAYAN – IWAGAYWAY MO**
Sa loob ng bandila, bumuo ng islogan tungkol sa naging bisa ng Noli Me

Tangere sa sarili at sa nakararaming Filipino.



***E B A L W A S Y O N***

**Panuto: Basahin at unawain ang kahingian ng bawat bilang. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.**

___ 1. Ang kahulugan ng Noli Me Tangere:
a. Huwag Mo Akong Alipinin
b. Huwag Mo Akong Ibilanggo
c. Huwag Mo Akong Salingin

___ 2. Itiniwalag na kasapi ng simbahang Katoliko Romano si Ibarra, ang parusang ito ay tinatawag na:
a. eskomulgado b. ekskomunikatibo c. ekskomulgado

___ 3. Ang Noli Me Tangere ay hinango ni Dr. Rizal sa bibliya, anong bahagi ng ebanghelyo ito?
a. San Mateo 20:17
b. San Lukas 20:17
c. San Juan 20:17

**Panuto: Piliin sa loob ng pangungusap ang kahulugan ng salitang *nakahilis.***

___4. Mula pa sa ***pagkabata*** ay magkakilala na sila, kaya naman musmos pa lamang magkapalagayang-loob na sila.

___5. Sa Kabanata LXI, binanggit ang ***kanser*** sa ating lipunan na tungkol sa kabuktutan, kapaslangan at katiwalian, isang sakit n gating lipunan na dapat masugpo.

**Susi sa Pagwawasto**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **1. C** | **2. A** | **3. C** | **4. Musmos** | **5. Sakit** |

**Pagkuha ng Index of Mastery**

Kuhanin ang iskor ng mga mag-aaral upang malaman ang pagkamit ng kanilang pagkatuto.

| INDEX OF MASTERY | | |
|---|---|---|
| Seksyon | Bilang ng mga Mag-aaral | Index |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**IV. KASUNDUAN**

- Magsaliksik ng mga telenobela na may pagkakatulad at pagkakaiba sa akdang Noli Me Tangere.
- Pag-aralan ang mga angkop na salita o ekspresyon ng komunikasyon.

# *P A G N I L A Y A N  A T  U N A W A I N*

**I. LAYUNIN**

**PANOOD (PD) (F9PD-IVa-b-55)**

- Napatutunayang ang akda ay may pagkakatulad/pagkakaiba sa ilang napanood na telenobela.

**WIKA AT GRAMATIKA (WG) (F9WG-IVa-b-57)**

- Nagagamit ang mga angkop na salita/ekspresyon sa: paglalarawan; paglalahad ng sariling pananaw; pag-iisa-isa; pagpapatunay.

**II. PAKSA**

| | |
|---|---|
| **WIKA** | **: Mga angkop na Salita/Ekspresyon sa: Paglalarawan; Paglalahad ng Sariling Pananaw; Pag-iisa-isa; Pagpapatunay** |
| **Kagamitan** | **:*Video clips/film,* aklat, pantulong na biswal** |
| **Sanggunian** | **:You tube:https://.wikipedia.org/wiki/ilustrado, Ang Bagong Filipino Ngayon III nina Estrella E. Cruz at Elizabeth C. Aguilar, Diwang Filipino ni Teresita C. Cruz, Interaktibong Modyul Para sa Filipino nina Christina E. Lazaro at Lydia B. Liwanag, Retorika: Mabisa at Makabuluhang Pagpapahayag ni Arthur P. Casanova et.al, Kasanayan sa Komunikasyon ni Ofelia Silapan Melecio** |
| **Bilang ng Araw** | **:1 Sesyon** |

**III. PROSESO NG PAGKATUTO**

**Gawaing Rutinari**

- Pagtatala ng Liban
- Pagtse-tsek ng Takdang Aralin
- Balik- Aral

***<u>A K T I B I T I</u>***

**1. Motibasyon**
**Mungkahing Estratehiya: TELENOOD NG TELENOBELA**
Panonood ng mga mag-aaral ng mga piling serye ng “Ilustrado”.

**“Ilustrado”**

**https://youtu.be/aQqa7zHO6CO**

**2. Presentasyon ng Aralin**

- Malayang talakayan sa pinanood na telenobela.

- Mahalagang maitala ng guro ang mga salita/ekspresyon sa: paglalarawan, paglalahad ng sariling pananaw, pag-iisa-isa, at pagpapatunay na mababanggit ng mga mag-aaral.

***<u>A N A L I S I S</u>***

1. Ilarawan ang kalagayang panlipunan ng mga Filipino sa telenobela.

2. Isa-isahin ang mga suliraning naranasan ng mga tauhan sa "Ilustrado".

3. Sa iyong napanood, bakit hinahangad ng maraming Filipinong nakaririwasa sa buhay ang makapag-aral sa ibang bansa?

4. Paano mapatutunayang ang napanood na telenobela ay may pagkakatulad/pagkakaiba sa nobelang Noli Me Tangere?

5. Bakit mahalagang gamitin ang mga angkop na salita o ekspresyon sa paglalarawan, paglalahad ng sariling pananaw, pag-iisa-isa, at pagpapatunay?

**3. Pagbibigay ng Input ng Guro**

**Alam mo ba na…**

Ang salitang **"ilustrado"** ay isang salitang Pilipino at Kastila na may kahulugang "isang taong nakabatid ng kalinawan at kaliwanagan". Nakaaangat sa lipunan ang mga ilustrado ng Pilipinas noong kapanahunan ng mga Kastila. Sila ang mga panggitnang-klase ng mamamayan na nakapag-aral at nabantad sa mga ideya ng Liberalismo at Nasyonalismo mula sa Europa. Naghangad ng "mas" makataong kasunduang pampolitika at pang-ekonomiya ang mga Pilipinong Ilustrado sa ilalim ng mga Kastila.

Sanggunian: https://.wikipedia.org/wiki/ilustrado

Ang **paglalarawan** ay isang mabisang anyo ng pagpapahayag ng kaisipan at damdamin ng tao sa kanyang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan sa kanyang kapwa. Ito'y isang kaanyuan ng katha na nagpapakita o nagpapamalas ng isang kabuuan sang-ayon sa kanyang mga katangian at kapintasan, halaga at kawalang-halaga, kagandahan at kapangitan. Ang pangunahing layunin nito'y ipakita ang tao, bagay o pangyayaring naiiba sa mga katulad o kauri nito sa mga taglay na kalikasan, kakanyahan, kahalagahan at katangian.

Sanggunian: Retorika: Mabisa at Makabuluhang Pagpapahayag ni Arthur P. Casanova, et.al.

Ang **paglalahad** ay isang anyo ng pagpapahayag na ang hangarin ay makapagpaliwanag. Saklaw ng paglalahad ang lahat ng mga katanungan.

Ang **pag-iisa-isa** ay simpleng enumerasyon ng mga bagay-bagay na inilahad.

Ang **opinyon** ay kuru-kuro o pala-palagay na batay sa punto de vista

## ***A B S T R A K S Y O N***

**Mungkahing Estratehiya: POST MO!**

Sa pamamagitan ng mga susing salita, kumpletuhin ang mensahe ng talata.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| dayuhan | kanser | lipunan | sakit | katotohanan |
| buhay | kalayaan | pagbubuwis | pananakop | |
| makabayan | | | | |

***APLIKASYON***

**Mungkahing Estratehiya: ISTATUS…PANGAKO SA BAYAN KO**
Bilang kabataang Filipino ng makabagong panahon, ano ang maipangangako mo sa Inang Bayan?

***EBALWASYON***

**Panuto: Isulat sa patlang ang nawawalang salita upang mabuo ang diwa ng pangungusap.**

_____ 1. _______________ Dr. Rizal ang mga pangyayari sa Noli Me Tangere ay pawang katotohanan at tunay na nangyari.
a. Sa pananaw ni b. Batay kay c. Isinulat ni

_____ 2.Ang ________________ ay isang mabisang anyo ng pagpapahayag ng kaisipan at damdamin ng tao sa kanyang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.
a. Paglalahad b. Pglalarawan c. Pananda

_____ 3.Inilahad ng mga kabataan ang kanilang opinyon o _________________ tungkol sa telenobelang 'Ilustrado'.
a. Pagtanggi b. Pagsang-ayon c. Pananaw

_____ 4._________________ kapasiyahan ng Batasang Pilipinas at sa pagmamalasakit nina speaker Osmena at Vice-Governor Gilbert, binili ng Pamahalaan ng Pilipinas ang manuskrito ng Noli Me Tangere sa halagang P25,000.
a. Sang-ayon sa b. Gayunman sa c. Sapagkat sa

_____ 5. Maraming Filipino ang dumanas ng diskriminasyon sa mga kamay ng Kastila, _________________ nanindigan pa rin silang ipaglaban ang kalayaan ng Inang Bayan.
a. Kaya naman b. samantalang c. magkagayon man

**Susi sa Pagwawasto**

**1. B 2. A 3. C 4. A 5. C**

**Pagkuha ng Index of Mastery**

Kuhanin ang iskor ng mga mag-aaral upang malaman ang pagkamit ng kanilang pagkatuto.

| **INDEX OF MASTERY** | | |
|---|---|---|
| Seksyon | Bilang ng mga Mag-aaral | Index |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**IV. KASUNDUAN**

- Magsaliksik ng mga impormasyong may kaugnayan sa Noli Me Tangere gayundin sa buhay ni Dr. Jose Rizal.

***I L I P A T***

**I. LAYUNIN**

**PAGSULAT (PU) (F9PU-IVa-b-58)**
- Naitatala ang nalikom na datos sa pananaliksik.

**II. PAKSA**


| | |
|---|---|
| **Pagsulat ng Awtput 4.1** | **:Pagtatala ng Datos sa Pananaliksik** |
| **Kagamitan** | **:Pantulong na biswal, aklat** |
| **Sanggunian** | **:Retorika: Mabisa at Makabuluhang Pagpapahayag ni Arthur P. Casanova et.al.** |
| **Bilang ng Araw** | **:1 Sesyon** |

**III. PROSESO NG PAGKATUTO**

**Gawaing Rutinari**
- Pagtatala ng Liban
- Pagtse-tsek ng Takdang Aralin
- Balik- Aral

***<u>A K T I B I T I</u>***

1. **Motibasyon**
   **A. Mungkahing Estratehiya: MIND MAPPING**




   **B. Mungkahing Estratehiya: BALANGKAS NA TALATA**
   Isang pabuod na pangungusap na nagpapahayag ng diwa ng sulatin.

Ang Kasaysayan at ang Apat na Ugaling Filipino
ni Romeo V. Cruz

1. Gaya ng kapaligiran at kabuhayan, ang kasaysayan ay nagsisilbing tagahubog ng ugaling mapgkikilanlan sa mga Filipino.

2. Ang ugaling pagmamahal sa kaanak ay pamilya ang ubod subalit sa pakikihalubilo ng Filipino sa kanyang kapwa ay lumalagpas ito sa pamilya at nasasali ang kanyang kapitbahay; kababayan;kaibigan at kakilala.

3. Ang ugaling "bahala na" ay kakabit ng katuwirang tadhana, na ang ibig sabihi'y hahayaan na lamang ang buhay niya'y ganoon at hindi na magpipilit na baguhin pa iyon dahil iyon ang iginuhit ng tadhana o palad.

4. Ang prokrastinasyon o "pagpapaliban ng gawain ngayon sana dapat tuparin" ay taal na ugaling naimpluwensyahan ng Kastila at Amerikano.

5. Ang "pinakamatulungin sa kapuwa" ay may kahalong pagkamaawain, pagkamakialam, pagkausyoso at pakikisama na sakop ng konseptong bayanihan at likas sa atin bago dumating ang mga Kastila."

Sanggunian: Retorika:Mabisa at Makabuluhang Pagpapahayag ni Arthur C. Casanova et.al.

## ***A N A L I S I S***

1. Paano nakatulong ang *mind mapping* sa pagtatala ng datos tungkol sa Noli Me Tangere?

2. Paano nakatulong ang "Balangkas na Talata" sa pagbibigay ng impormasyon?

3. Bakit kailangan maging maingat sa pagtatala ng mga datos o sa pagbibigay ng impormasyon?


4. Ano ang dapat taglayin o dapat tandaan sa gagawing pagsasaliksik sa mga paksa na isasaliksik?

5. Saan makakukuha ng mga datos sa pagsasaliksik?

## ***A B S T R A K S Y O N***

**Mungkahing Estratehiya: KROSALITA**
Bumuo ng mahalagang pahayag o pangungusap tungkol sa kahalagahan ng pagtatala ng mga datos sa pananaliksik. Ang mga salita mula sa

iskrabol ang pagbatayan ng pagbubuo ng pahayag o pangungusap.




***APLIKASYON***

**2. Pagpapaliwanag ng guro sa gagawing Awtput.**
**Pagtatala ng mga nalikom na datos sa pananaliksik.**

**GRASPS**

| | |
|---|---|
| **GOAL** | Nakasusulat ng balangkas na talata mula sa nalikom na datos sa pananaliksik. |
| **ROLE** | Magsasaliksik ng buhay ni Dr. Jose Rizal |
| **AUDIENCE** | Lahat ng mag-aaral ng Batangas national High School (BNHS). |
| **SITUATION** | Mapahalagahan ang Pambansang Bayani, si Dr. Jose P. Rizal. |
| **PERFORMANCE** | Makapagbalangkas ng talata batay sa mga nalikom na datos sa pananaliksik. |
| **STANDARDS** | Kawastuan ng Balangkas 30%<br>Nilalaman 40%<br>Wastong Gamit ng Gramatika 30%<br>**Kabuuan 100%** |

**3. Pagkuha ng mga awtput na ginawa ng bawat mag-aaral.**

**4. Pagpapabasa ng piling awtput na kinakitaan ng kahusayan sa pagkakasulat.**

**5. Pagkilala sa mahusay na awtput ng mga mag-aaral.**

**IV. KASUNDUAN**

- Alamin at kilalanin ang mga tauhan ng Noli Me Tangere.